**Gigil Na Wala Sa Lugar**
**by Mang Tata Ho**

Galit na galit po ang ilang kolumnista, peryodista, komentarista at blogista sa paghahangad ni Grace Poe na tumakbo para sa pagka-pangulo ng Pilipinas.

Pikon na pikon sila dahil hindi daw Pilipino si Grace Poe. Sa sobrang asar nila ni hindi nila magawang hintayin ang resulta ng pagdinig ng Senate Electoral Tribunal sa naturang isyu.

Ako naman ay nagtataka lang. Bakit nga ba sobra ang galit nila na animo'y personal silang naperwisyo ng citizenship issue ni Grace Poe. Apektado much? Bakit?

Sabagay, pwedeng pwede nilang sabihin na galit na galit sila dahil sa sobrang pagmamahal nila sa bayan. Kumbaga sobrang makabayan lang talaga sila. Hmmm. Sa tingin niyo? Posible ba talaga yun?

Sa tingin ko, kung sa akin nila sasabihin yan mas malamang sa hindi ay masambit kong, "Lokohin niyo lelang ninyo. Wag ako. Iba na lang."

Alam naman kasi nating lahat na matagal nang nabibili ang opinyon. Matinong opinyon, sablay na opinyon, mahusay na opinyon, mapanlinlang na opinyon. Kahit anong klase pa yan pwede na yang bilhin.

Huwag na tayo magkunwari pa, yang mga gumagawa ng gigil na gigil at halos araw araw na pagbabatikos kay Grace Poe kaugnay ng kanyang citizenship ay mga bayaran. Alam nating lahat yan.




In fairness, may iba diyan na nagkokomento rin kahit hindi naman naambunan ng bayad. Ang pinanghahawakan naman nila ay ang kanilang malakas na paniniwala sa kanilang mga manok. Mas katanggap tanggap naman po ang mga ito, yun nga lang mapapaisip ka pa rin. Bakit gigil na gigil din sila?

Ganito lang po ang sagot diyan. Sobrang utong uto sila sa mga pinalalabas na mensahe

ng mga communications team ng kani-kanilang kandidato. Ganoon lang po iyon kasimple.

Ganunman, ito pa rin ang tanong. Bakit sobrang gigil naman?

Konting perspektibo. Nakamamatay ba ang citizenship issue? Pagisipan ninyong mabuti.

Eh ang katiwalian, korapsyon, kapalpakan at kawalan ng respeto sa human rights?
Sa aking pakiwari, dapat ata mas manggigil tayo sa mga isyung iyan.

Mas maintindihan ko pa ang ipinapakitang gigil ng mga galit na galit sa citizenship issue ni Grace Poe kung may naidulot na ba itong malaking perwisyo sa kung sino man. Kaso wala naman, di po ba?

Ang tiyak: may napeperwisyo sa planong pagtakbo ni Grace Poe at malamang sa hindi sila yung nagbabayad dito sa mga gigil na gigil na kolumnista, peryodista, komentarista at blogista.

Sa mga bayaring ito, wala na tayo magagawa diyan. Pera po ang kailangang itapat sa mga iyan. Pero sa mga taga-suporta lang naman ng ibang kandidato, heto ang masasabi ko. Huwag niyo masyadong panggigilan ang issue. Matatapos din ang pagdinig sa Senate Electoral Tribunal. Hintay lang tayo ng konti.

Imbis rin na inuubos niyo ang inyong enerhiya sa pagbabatikos kay Grace Poe o sa iba pang kandidato, mas mabuti pang ipagkalat na lang ninyo ang mga magagandang katangian ng inyong mga manok. Ipangalandakan ninyo kung bakit sila at hindi ang ibang kandidato ang dapat iboto.

***********************